## INTERNATIONAL NAPASA　( October22nd, 2024 )

### 1)PAGPAPAALAM UKOL SA SHONAN HIRATSUKA FUREAI MARKET

湘南平塚ふれあいマーケットのお知らせ

Sa October 27 (Sunday) ay magkakaroon ng ***SHONAN HIRATSUKA FUREAI MARKET*** sa palengke ng bagsakan ng mga paninda sa 1-7 Shinomiya, Hiratsuka City. Ang oras ay magsisimula ng 7:00 ng umaga hanggang alas 8:00 ng umaga. Makabibili ng mga lokal na napapanahong mga gulay, sariwang isda, at iba pa. Ito ay matutuloy pa rin sa petsang itinakda kahit na umulan. Kung may gusto pang malaman ukol sa bagay na ito ay maaring tumawag sa ***INDUSTRIAL PROMOTION DIVISION (SANGYO SHINKO KA)*** ng Hiratsuka City. Telephone No. **0463-21-9758 (0463-21-9758)** o maaaring tumawag sa umaga ng araw ng pagdiriwang. Telephone No. **090-3215-0106 (090-3215-0106).**

### 2)IMPORMASYON UKOL SA DIREKTANG PAGBILI NG MGA ISDA

魚直売会のお知らせ

Sa October 26 (Saturday) mula 10:00 ng umaga ay magkakaroon ng derektang pagbili ng mga lokal na isda sa daungan ng Hiratsuka City. Magbebenta ng mga daing at sariwang isda at ito ay matatapos hanggang maubos ang mga paninda. Para sa mga katanungan ukol sa bagay na ito ay tumawag lamang sa ***FISHIRIES COOPERATIVE ASSOCIATION (GYOGYO KYODO KUMIAI)*** ng Hiratsuka City. **Telephone Number 0463-21-0146 ( 0463-21-0146 ).**

### 3)PAGHAHANAP NG MGA BATANG PAPASOK SA NURSERY SCHOOL

保育園の入園児の募集のお知らせ

Mula October 3 hanggang sa isang taon ng April, ang Hiratsuka City ay naghahanap ng mga batang papasok sa ***NURSERY SCHOOL*** sa isang taon ng April. Mag-apply hangga't maaga sa ***Home Page*** ng siyudad o kumuha ng aplikasyon sa ***CHILD CARE DIVIDION*** sa 1st Floor ng Hiratsuka City Office at isumite sa nasabing tanggapan. Ang panahon ng pag-aapply ay mula October 10 hanggang November 8. Para sa iba pang inpormasyon ay makipag-alam sa ***CHILD CARE DIVISION***. **Telephone Number 0463-21-9612 (0463-21-9612).**

### 4)PAGPAPAALAM UKOL SA INTERNATIONAL EXCHANGE FESTIVAL

国際交流フェスティバルのお知らせ

Sa October 27 (Sunday) ay magkakaroon ng ***INTERNATIONAL EXCHANGE FESTIVAL (KOKUSAI KORYU FESTIVAL)*** sa paligid ng outdoor stage sa Central Park (***SOGO KOEN)*** ng Hiratsuka City. Ang oras ay mula 10:00 ng umaga hanggang 3:00 ng hapon.

Mayroong mga palabas na Yosakoi, Samba, Egyptian Dance, Japanese Traditional Dance, Tanabata Drum at iba pa sa outdoor stage ng nasabing lugar. Mayroon ding stage performance para sa pagpapakilala ng mga kultura. At mayroon ding mga booth ng mga tindihan ng mga pagkain ng iba't-ibang mga bansa tulad ng Singapore, Indonesia, Turko, Egypt, Tansania, Peru, Philippine at Taiwan. Ang MC sa mga stage performance ay mga volunteer na estudyante at mayroon ding mga nakahandang interpreter sa nasabing pagdiriwang. Mayroon ding mga magsusuportang mga guide na marunong mag-Ingles sa nasabing pagdiriwang. Walang bayad ang pagdalo dito at hindi rin kakailanganin ang pagpapareserba. Kung kaya't amin kayong inaanyayahan na dumalo sa nasabing pagdiriwang. Kung mayroong katanungan ukol sa bagay na ito ay makipag-alam sa ***CULTURAL EXCHANGE DIVISION (BUNKA KOURYU KA)*** ng Hiratsuka City. Telephone Number **0463-25-25-20(0463-25-2520)**.